

RELEASED



Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog 7100

BY: 
DETJED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DATE: 

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 106 s. 2015

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Mga Mababang Paaralan

Mula kay: 
NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay 

Paksa: **MGA GAWAIN SA BUWAN NG WIKA 2015**
(Baitang 3-6)

Petsa: Hunyo 22, 2015

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan Ng Wika tuwing Agosto, ang Sangay Ng Zamboanga Del Norte ay makiisa sa mga Gawain sa Buwan Ng Wika 2015. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ipaalam lamang sa mga kasunod na Memorandum.
2. Habang inaantay pa ang paglabas ng Memorandum Pangkagawaran para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2015 ay nais lamang muna na ipalaganap ang Memorandum Pansangay na ito para sa kabatiran at mga kaukulang paghahanda ng mga mag-aaral, mga tagasanay at ng mga pamuno/mangunguna sa mga paligsahang isasagawa sa naturang pagdiriwang.
3. Ang pangkongresyunal na paligsahan ng tatlong distrito ay isasagawa sa Agosto 20, 2015 sa mga paaralang banggit sa ibaba:
CD 1 - Silawe Central School - c/o Gng. Lani Ocamia/Dr. Nelma A. Ochotorena
CD 2 - Ponot Central School - c/o Gng. Thelma Mejorada/Dr. Merylyn L. Tabarno
CD 3 - Bacungan Central School -c/o G. Rizaldo Castillon/G. Melecio E. Asentista
4. Ang Pansangay na paligsahan hinggil dito ay gagawin sa Agosto 28, 2015 na magsimula sa ikawalo ng umaga. Ang panalo ng unang puwesto sa pangkongresyunal na paligsahan ang lalahok dito. Kasunod na lamang na ipaalam ang lugar ng pagdausan.
5. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga Kategoriya at Pamantayan sa Paligsahan para sa Baitang 3 hanggang Baitang 6 na isasagawa sa buwan ng Agosto, 2015 samantalang ang kategoriya para sa paggalingan sa pagbasa at pag-unawa ng Baitang 1 at Baitang 2 ay isasagawa sa pagdiriwang ng Araw Ng Pagbasa.
6. Ang pamasahang ng kalahok at tagasanay mula sa pinanggalingan at pabalik ay dapat manggaling sa pondo lokal ng paaralan na susunod sa napagkagawiang pagsusuma at pag-oodit.
7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 106, s. 2015

I. MGA KATEGORYA NG PALIGSAHAN SA BUWAN NG WIKA 2015 (Baitang 3-6)

- A. Deklamasyon – isang kalahok mula sa Baitang 3
- B. Tagisan ng Talino – isang kalahok mula sa Baitang 4
- C. Pagbabalita – Bukas para sa mga mag-aaral ng Baitang 5 o Baitang 6
 - Limang (5) kalahok ang bubuo ng koponan nito.

II. MGA PAMANTAYAN SA PAGHATOL NG PALIGSAHAN

A. Deklamasyon (3-5 minuto)

- Pagsasalita ----- 40%
 - Uri ng Tinig ----- 10%
 - Pagbibigkas ----- 15%
 - Balarila ----- 15%
- Personalidad at Kakayahan ----- 60%

B. Tagisan ng Talino

- a. Ang mga tanong sa mga patimpalak na ito ay binubuo ng mga sumusunod na lebel/antas:
 - Madali ----- 2 puntos sa bawat tamang sagot
 - Katamtaman --- 3 puntos sa bawat tamang sagot
 - Mahirap ----- 5 puntos sa bawat tamang saagot
- b. Bubuuin ng limang mga tanong ang bawat lebel/antas ng patimpalak, ang mga kalahok ay may pagpipiliang mga sagot maliban sa antas na MAHIRAP.
- c. Babasahin ng dalawang beses ang mga tanong sa bawat lebel/antas.
- d. May nakalaang sampung Segundo ang bawat kalahok, makaririnig sila ng tunog ng bell at dapat nang itaas ang mga sagot nila dahil ito ay hudyat nan g pagtatapos ng sampung segundo.
- e. Ang mga kalahok ay susulat ng kanilang sagot sa 1/8 illustration board.
- f. Ang may pinakamataas na puntos ang idedeklarang panalo at tanghaling Kampiyon sa Pansangay na Tagisan ng Talino.

C. Pagbabalita

May limang (5) kalahok ang bawat koponan.

- Daloy ng Pagbabalita (flow of newscasting) ----- 30%
- Pagkakaisa ng pangkat (teamwork) ----- 30%
- Sining ng Pagpapaniwala ng tagapakinig ----- 20%
- Tikas at anyo ----- 20%